Republic of the Philippines
# Department of Education
Cordillera Administrative Region
**Schools Division of Benguet**

Agosto 6, 2024

**PANSANGAY NA MEMORANDUM**
**Blg 262 serye 2024**

DepEd-Benguet Division
AUG 07 2024
RELEASED

## PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKA 2024

Para sa: Mga Hepe ng CID at SGOD
Mga Pandistritong Tagamasid
Mga Pinuno ng mga Pampubliko at Pribadong Paaralan sa Batayang Edukasyon
Lahat ng mga Kinauukulan

1. Nakasaad sa Proklamasyon Bilang 1041, serye 1997, ang taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto sa pangunguna ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) at pakikiisa ng mga iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pribado gaya ng Kagawaran ng Edukasyon. Layunin ng pagdiriwang na maiangat ang kamalayan ng mga Pilipino tungkol sa pambansang wika at kasaysayan nito, mapataas ang kamalayang pangwika at sibiko, at maganyak ang mga Pilipino na pahalagahan ang mga wika sa Pilipinas sa pamamagitan ng pakikilahok sa iba't ibang aktibidades.

2. Alinsunod sa KWF Kapasiyahan ng Kalupunan Blg. 08-02, serye 2024, itinakda ang **"Filipino: Wikang Mapagpalaya"** bilang tema ng Buwan ng Wika 2024 at magiging lunsaran ng mga gawain sa pagdiriwang na nakalakip sa Memorandum Pangkagawaran Blg. 038, s. 2024. Hinihikayat ang pagsasagawa ng mga gawain sa mga paaralan tungo sa pagkamit ng mga layunin ng pagdiriwang.

3. Magkakaroon din ng mga pansangay na patimpalak bilang panghuling gawain sa Buwan ng Wika. Isasagawa ang mga ito sa Agosto 30 sa Benguet SPED, Wangal, La Trinidad, Benguet.
    a. Baitang 3 - Muling Pagkukuwento
    b. Baitang 6 - Interpretatibong Pagbasa
    c. Baitang 7-9 - Pagsulat ng Sanaysay tungkol sa IKSP
    d. Baitang 10 - Sulat-Bigkas

4. Susundin ang mga mekaniks ng READ-A-THON sa Muling Pagkukuwento, Interpretatibong Pagbasa, at Sulat-Bigkas. Para naman sa pagsulat ng sanaysay na lalahukan ng mag-aaral sa ikapito, ikawalo o ikasiyam na baitang, ibibigay ang tiyak na paksa sa mga kalahok bago ang pagsulat na di lalampas ng isang oras.

5. Ang mga kalahok sa bawat patimpalak ay mga mag-aaral na nagkamit ng unang gantimpala sa kani-kanilang pandistritong paligsahan at sasamahan ng kanilang mga gurong tagapagsanay. Kung gayon, inaasahang magkakaroon ng pandistritong paligsahan na lalahukan ng mga pampubliko at pribadong paaralan upang mapili ang mga kalahok mula sa bawat distrito.

6. Ang mga magwawagi ng unang gantimpala sa Muling Pagkukuwento, Interpretatibong Pagbasa, at Sulat-Bigkas ang magiging kinatawan ng Benguet sa Panrehiyong Tagisan ng Talento o Regional Festival of Talents (RFOT).

7. Ang transportasyon, pagkain, at iba pang gastusin ng mga kalahok kaugnay ng gawaing ito ay manggagaling sa kani-kanilang pondong lokal/MOOE ng paaralan sa kondisyong ito ay ganap na susunod sa mga patakaran at alituntunin ng pagtutuos.

8. Hinihiling na ipadala kay G. Norbert Lartec sa pamamagitan ng email (norbert.lartec@deped.gov.ph) ang kompletong talaan ng mga nagwaging kalahok sa bawat distrito bago ang araw ng Agosto 30, 2024.

9. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapapalaganap sa memorandum na ito.

**SALLY L. BANAKEN-ULLALIM CESO V**
Pansangay na Tagapamanihala ng mga Paaralan

*/CID/RAG/ncl*

(Kalakip mula sa Memorandum Pangkagawaran Blg 038 s. 2024)

| **Linggo at tema** | **Antas at mga Gawain** | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **K-3** | **Baitang 4-6** | **Baitang 7-10** | **Baitang 11-12** |
| **1–3 Agosto**<br>FSL tungo sa Ingklusibo sa Pambansang Kaunlaran | • Pagtitipon ng mga pagbati sa *Filipino Sign Language* (FSL) | | | |
| **5–10 Agosto**<br>Sistematiko at maka-Agham na Pananaliksik tungo sa Pambansang Kaunlaran | | • Pagbabása ng mga kuwentong pambata hinggil sa kahalahagahan ng maka-agham na pananaliksik. | • Pagsulat ng mga tula na may kinalaman sa maka-agham na pananaliksik.<br>• Pagsulat ng rap hinggil sa halaga ng sistematikong maka-agham na pananaliksik sa Pambansang Kaunlaran. | |
| **12–17 Agosto**<br>Paggamit ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) sa *Scientific Research* | | • Pagsasaliksik ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP) mula sa iba't ibang rehiyon.<br>• Pagsulat ng sanaysay hinggil sa *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP)<br>• Pagsasadula ng *Indigenous Knowledge System and Practices* (IKSP). | | |
| **19–23 Agosto**<br>Katutubong Wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | • Paggawa ng maikling komentaryo/blog/vlog na tumatalakay sa kahalagahan ng mga katutubong wika sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa<br>• Paglikha ng awit gámit ang wikang katutubo hinggil sa Pagpapaunlad ng Edukasyong Pambansa | | |
| **26–31 Agosto**<br>Paglaban sa Misinformation (*fact checking*) | | • *Online forum/Seminar* hinggil sa Literasiyang Pang-media.<br>• Paglalagom ng mga naging gawain sa Buwan ng Wika. | | |